

# 1

“So beautiful,” bulong ni Jordan habang nakatitig sa kanya at nakahawak sa veil na nakasuot pa sa ulo niya mula sa seremonya kaninang umaga, kasabay ng pagsikat ng araw.

Palubog na ang araw noon at nakaalis na ang lahat ng kanilang mga bisita kaya naiwan silang dalawa sa malawak na bakuran ng bahay na iyon na malapit sa dagat. Naitabi na rin ng caterer ang mga mesa at upuan na kukunin na lang daw ng mga ito kinabukasan.

Suot pa rin nila ang kanilang pangkasal at kasalukuyan silang nakaupo sa madamong bahagi ng front lawn. Pina-landscape pa iyon sa pinsan at natatanging kamag-anak sa Pilipinas ni Jordan bago ito umalis patungong Australia kung saan naninirahan ang lahat ng kapamilya nito.

Ngumiti siya rito. “I love you,” sabi niya dahil iyon ang damdaming nag-uumapaw sa dibdib niya nang sandaling iyon. Alam niya na anuman ang ibigay sa kanilang kapalaran, hindi na ulit siya makakaramdam ng pagmamahal na hihigit sa nararamdaman niya nang sandaling iyon.

Niyakap siya nito nang mahigpit. “I love you, Lyka. I have never and will never love anyone like I love you.”

Iniangat niya ang ulo para tingnan ito mula sa mga matang

*Rain Of Passion - Carla Giopaolo*

---

nakatitig din sa kanya, sa matangos na aristokratong ilong at mga labing mapula at mamasa-masa pa mula sa huling halik na kanilang pinagsaluhan. Hindi siya kailanman magsasawang tingnan ang mukha ng kanyang asawa.

Asawa...

Yes, eksaktong walong oras na at tatlumpung minuto mula nang mangako sila sa isa't isa ng habang buhay na pagsasama.

May pumatak na ulan sa kanyang noo. Nagsisimula na ang ulan na ikinatatakot nila kanina. Ngunit nakisama sa kanila ang panahon. Pinagbigyan nitong matapos ang lahat bago ito pumatak.

He kissed the droplet on her forehead. Pagkaangat ng mukha nito ay muling pumatak ang isa pang malaking butil na sinundan pa ng isa. Imbis na madismaya ay humalakhak siya nang malakas. The happiness in her laughter seemed to fill the place and found an echo in Jordan's eyes.

“Kapag hindi kita kasama, nami-miss ko ang tawa mo.” Masuyong hinaplos nito ang kanyang buhok. “Halika na. Pumasok na tayo sa loob, mababasa ka.”

“Gusto kong dito lang muna tayo,” sabi niya. Mas gusto niyang hindi na umalis sa kinatatayuan para hindi na maiba ang sandaling iyon. Gusto niyang i-capture ang sandaling iyon sa kanyang utak.

“Brat!” biro ni Jordan.

Ipinulupot niya ang dalawang braso sa leeg nito at lumiyad

para halikan ito sa mga labi. Nag-iba ang tingin sa mga mata nito. Flecks of desire instantly darkened his eyes.

“Of course, when you kiss me like that, I will do anything for you.”

“Ganito?” Natatawang muli niya itong hinalikan.

“At ganito.” Pinalalim nito ang halik.

Nawala ang halakhak sa kanyang lalamunan pero nalalalahan niya sa mga labi niya ang kaligayahan. She could taste sweetness. She could taste dreams. She could taste forever. Lalong humigpit ang hawak nila sa isa’t isa.

“I want you,” anas nito. “Now.”

“Dito?” tanong niya.

Ngumiti ito ng isang pilyong ngiti. “Bakit hindi? We’re all alone here.”

“But it’s raining.”

“You love the rain, Lyka.”

Totoo iyon. Sa katunayan, una silang nagkakilala noong tinigilan siya ng kotse nito habang naglalakad siya sa ulanan nang walang payong.

*“Miss, sakay ka na? Ihahatid kita,” anito sa kanya.*

*Tumingin siya rito at napangiti siya dahil noon lang siya*

*Rain Of Passion - Carla Giopaolo*

---

*nakakita ng lalaking ganoon ang hitsura. Ang mga kaklase niya sa unibersidad na pinapasukan ay mukhang mga totoy kung ikukumpara rito. Malaki kasi ito kaysa mga regular na lalaking nakakasalamuha niya. Simple lang naman din ang suot nito pero sa palagay niya ay nasa pagdadala nito ang pinagkaiba.*

*“Miss?” ulit nito dahil hindi siya nagresponde sa alok nito. “Ayaw mo bang sumakay?”*

*“Bakit?” tanong niya.*

*Napakunot ang noo nito. “Kasi umuulan at nababasa ka na,” subok nitong magpaliwanag.*

*Natawa siya. “Kaya nga ako lumabas para maglakad sa ulanan.”*

*Tiningnan siya nito na para bang nasisiraan na siya ng bait.*

*“Nakaligo ka na ba sa ulan?” aniya.*

*Umiling ito.*

*“Subukan mo kaya,” hamon niya.*

*May pagdududa ang tingin nito sa kanya. Pinagtawanan ito ni Lyka na tila nag-udyok dito para tugunin ang hamon niya. Binuksan nito ang kotse at bumaba.*

*“Ano’ng ginagawa mo?” untag niya.*

*“Sabi mo subukan ko.”*

Natawa siya dahil hindi niya inasahan na gagawin nga nito iyon. “Nababaliw ka na ba?”

“Bakit? Ikaw ba baliw?” balik-tanong nito.

“Hindi.”

“Eh, di hindi rin. Ako nga pala si Jordan,” pakilala nito.

“I’m Lyka.”

Nagkamayan sila sa gitna ng malakas na ulan. At wala pang tatlong buwan ay humantong sila sa isang simple ngunit mahirap kalimutang kasalan sa bahay sa tabing-dagat na binili nito para sa kanilang dalawa.

Ang pastor na nagkasal sa kanila ay ang kapatid ng ina na umampon at nagpaaral sa kanya mula pa noong maulila siya. Unang hiling nito ay magtapos muna sila ng pag-aaral ngunit naisip marahil na mas mabuti nang magpakasal sila ni Jordan kaysa mabuhay sila sa kasalanan. Obvious kasi sa lahat, the two of them could not keep their hands from each other. Nangako na lamang si Jordan na pagtatapusin pa rin siya ng kolehiyo dahil isang taon na lang naman ay makaka-graduate na siya sa kursong Computer Science.

“Mas tama yatang i-celebrate natin ang wedding day natin sa ulanan,” anito.

“Masisira ang wedding gown ko,” protesta niya kahit half-hearted lang naman ang protestang iyon.

“Eh, di tatanggalin natin,” nakangiting sagot nito habang sinisimulan na ang dahan-dahang pagtatanggal ng kanyang veil. Hinahalikan nito ang bawat bahaging marahan nitong tinatangalan ng piraso ng kanyang kasuotan.

Unang pagkakataon na hinuhubaran siya ng isang lalaki. Unang pagkakataon din niyang naranasan ang ganoong haplos. Lumalakas ang patak ng ulan pero sinasanggalang ng init mula sa kanilang mga katawan ang lamig ng tubig. Pumalibot sa kanya at naging tila sapin sa kanyang likuran ang puting wedding gown.

“I worship you,” sabi ni Jordan. Nagsimula itong patunayan ang sinabi sa pamamagitan ng paghalik sa kanya mula paanan, pataas sa kanyang mga binti...

He blew warm air on her navel making her squirm. He laughed softly. “Tell me how you feel, Baby,” udyok nito sa kanya.

“I...” simula niya pero hindi niya maituloy ang gustong sabihin. Tila nagkabuhol-buhol na sa utak niya ang lahat ng bagay na sensible.

“You...?” Mapanukso ang ngiti nito bago padaanan ng haplos ang kanyang dibdib na sinundan pa ng gumagapang nitong halik.

“Jordan, I want you,” she finally gasped. “Make love to me, please.”

Muling bumalik ang halik nito sa kanyang mga labi. “It’s going to hurt a bit,” mahinang warning nito.

*Rain Of Passion - Carla Giopaolo*

---

Tumango siya. Alam niya iyon. She had never made love but she had read books and watched enough movies to know that. “I love you,” muli niyang sabi, para ipaalam dito na hindi siya natatakot. Iyon din ang paraan niya ng pagsasabi na nagtitiwala siya rito.

He lowered himself into her, gently, slowly, like he was afraid that she was going to break. Nakikita niya sa mukha ng asawa ang concentration para pigilan ang sarili at nang hindi siya masaktan. May mga butil ng pawis sa noo nito na pinunasan niya gamit ang kanyang mga daliri.

“Jordan, I want you... all of you,” anas niya.

Tila iyon lang ang hinihintay nito. He buried himself inside her and she instinctively wrapped her legs around his, taking him deeper.

Patuloy na lumalakas ang ulan. But they were too caught up in the sensual world they were making that they hardly noticed. Or cared.

---

Hindi na suot ni Lyka ang wedding gown niya nang buhatin siya ni Jordan papasok ng bahay patungo sa kanilang silid. After shower, magkakarap sila sa kama at tahimik na nagtitigan habang nakangiti sa isa’t isa.

“Five children,” kapagkuwan ay nakangising sabi ni Jordan.

Tumaas ang kilay niya. “Five lang ang kaya mo?” Hindi niya mapigilang mangiti ulit pagkasabi noon.

Parehas sila nito na lumaki na halos walang kapamilya kaya lagi na nilang napapag-usapan ang pangarap nilang malaking pamilya. Kaya nga bahay na may limang silid ang napili nila para paghandaan iyon.

Si Jordan ay anak ng isang half-Pinoy, half-Australian adventurer na bagaman hindi nagkulang sa financial support ay absentee parent. Kung kaya hindi na nagkaroon ng kapatid si Jordan hanggang sa namatay ang mommy nito five years ago. Sinundan iyon ng pagkamatay ng daddy nito three years ago naman.

“Well, actually, ikaw ang inaalala ko. Baka hindi mo ’ko kayanin?”

Siya naman ang ngumisi. “Wanna bet?”

Tumawa nang malakas si Jordan. “Sabi ko na nga ba, I married the perfect girl.” He kissed the tip of her nose.

“Jordan?”

“Yes?”

“Buti nagkakilala tayo, ano?”

“I agree pero gusto kong malaman kung bakit mo sinabi ’yun?”



“Kasi kung hindi, di hindi ko mararamdaman kahit kailan ang nararamdaman ko ngayon.”

Hinawakan nito ang kamay niya at itinapat iyon sa dibdib nito. She could feel his heartbeat under his warm skin. “Ganito bang pakiramdam? Iyong parang your heart is suddenly bigger than your chest para pagkasyahin lahat ng nararamdaman mo?”

Hindi niya inalis ang pagkakatingin dito habang binabanggit nito ang mga eksaktong nararamdaman niya.

Nagpatuloy ito ng pagsasalita. “And I can’t even begin to explain how much I love you except that if I don’t have you to love, there will be a huge gaping hole in my chest where my heart is beating for you right now.”

“My heart will always be yours,” pahayag niya. Sumiksik siya palapit kay Jordan at hinalikan ang dibdib nito. “Always.”

“My heart, my body, my soul – all yours,” sagot nito. And he claimed her lips once more in a searing kiss that left her breathless for more.

---

Wala pang thirty minutes silang nakakatulog nang biglang tumunog ang cellphone ni Jordan. Sabay silang nagising. Inabot nito ang telepono at sinagot iyon.

“Okay, ’andiyan na ako,” narinig niyang sabi ng asawa sa kausap na hinala niya ay kasamahan nito sa trabaho. Tumayo ito

at nagsimulang humugot ng damit sa closet.

“Hon, saan ka pupunta?” tanong ni Lyka.

Kinakabahan siya dahil tila lalo pang lumakas ang ulan habang natutulog sila. Malakas ang huni ng hangin at tila mga hampas sa bintana nila ang tubig-ulan.

“I’m sorry, Babe. Kailangan nila ako sa station. Babalik din ako kaagad. Will you be okay here?”

Siya ay okay lang pero masama ang kutob niya para rito. Gusto niya talaga itong pigilan pero alam niya ang trabaho ng lalaking pinakasalan niya at alam niyang hindi makakatulong kung magpapa-baby siya rito at pipigilan ito dahil lang kinakabahan siya. Dapat sanayin ni Lyka ang sarili sa trabaho nito.

“Huwag kang mag-worry sa akin. Ikaw ang lalabas, ikaw ang mag-ingat.”

“I will.” Isinuot nito ang unipormeng jacket at lumapit sa kanya para halikan siya. He stopped and breathed deeply. “God, dapat hindi na lang ako aalis,” anito bago siya talikuran para kunin ang emergency bag nito.

Tumayo na siya sa kama at sumunod dito para ihatid ito palabas ng bahay. Muli pa itong humalik sa kanya ng pagpapaalam bago bantulot na umalis.

“Jordan,” tawag niya rito.

Lumingon ito sa kanya.

“Babalik ka naman kaagad, hindi ba?”

Humakbang ito pabalik sa kanya at niyakap siyang muli bago siya halikan sa noo. “Yes, Mrs. Anderson. Paano namang hindi? Hindi pa nga ako nakakaalis, nami-miss na agad kita.”

Sumakay ang asawa sa *Land Rover* nito bago nag-drive palayo at naiwan siyang nakatayo sa may tapat ng pintuan ng bahay. Pinanood niya ito hanggang sa mawala ang tail light ng sasakyan sa kanyang paningin. Tila nilamon iyon ng napakasungit na panahon.